# Paano Harapin ang Kabiguan at Pagtagumpayan Ito

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Bro. Bobby Rodriguez-Elder-Founder
Disyembre 24, 2022

Winika ni Hesus," Habag ang nais ko at hindi handog. Sapagkat naparito Ako upang tawagin ang mga makasalanan hindi ang mga matuwid "(Mateo 9:13). Ang kasalanan ang nagpapalayo sa atin sa Diyos, ngunit dumating si Hesus para ang mga makasalanan ay magsisi sa kanilang mga maling gawain at maibalik ang dati nilang relasyon sa Kanya. Nagdudulot ng suliranin sa ating buhay ang ating mga kasalanan, nagiging pagsubok ito upang lumalim ang tiwala natin sa Diyos. Kaya nga't magsisi at humingi tayo ng awa at habag sa Kanya, upang ihayag Niya ang Kanyang kaluwalhatian, karunungan, pag-ibig at kapangyarihan.

**A. Mga taong nakaranas ng matinding pagsubok, bagaman ginawa nila ang lahat para makaiwas ay nagkaroon ng panibagong buhay:**

1. Malaking tulong ang pagpapakita ng mga magulang na nakikibaka sa mga anak ang magandang halimbawa ng respeto at pagsunod at mahigpit na pagsubaybay.
2. Ang mga Kristiyanong sumubok mamuhay ayon sa kanilang paniniwala ngunit nabigo ay natutong maging matibay sa kanilang resolusyon at mga pangako at naging daan ang mga ito para sila'y maging mas mabuting tao.
3. Ang mag-aasawang nakikibaka sa pagpapanatili ng matibay na pagsasama ay kumukuha ng lakas sa Diyos para malayo sila sa mga bisyo at mga maling gawain sa pamamagitan ng pagtitiwala, pagsunod at pagsuko sa Salita ng Diyos.
4. Napagtanto ng mga kabataang hindi marunong magsabi ng "hindi" sa kanilang mga kaibigang nagdudulot ng di magandang impluwensya na umiwas sa kanilang mga kaibigan para hindi sila madala sa tukso. Sa halip, anyayahan sila na sumama sa TLF.

**B.Mga dahilan ng pagbagsak o kabiguan**:

1. Maling sandigan. Ang Salita ng Diyos ang dapat na pundasyon.
2. Pagmamalaki (Jer.50:32; Kawikaan 16:18)
3. Kabuktutan (Kawikaan 28:18)
4. Kakulangan sa Panalangin (Mateo 26:41)
5. Kasalanan (Roma 5:23)
6. Kakulangan sa Espiritwal na Paghahanda
7. Pagsuway (1Pedro 2:8; Hebreo 4:11)

**C. Pag-iingat Upang Maiwasang Bumagsak**:

1. Magtayo ng matibay na pundasyon sa iyong buhay: Ang Salita ng Diyos (Mateo 7:25).
2. Maging matatag sa iyong espiritwal na pagkakakilanlan (2Pedro 1:10).
3. Mapagbantay (2Pedro 3:17).
4. Mag-ingat (1Corinto 10:12).
5. Magtiwala sa Diyos (Awit 27:1).

**D. Pag-asa at Pagbawi kapag tayo ay bumagsak:**

Lagi nating tandaan ang mga pangako ng Diyos. Kapag tayo ay nakaharap sa mga hamon ng buhay, huwag nating kalimutan na may libo-libong pangako ang Diyos na kailangan nating angkinin sa ating panalangin. Itinataguyod ng Diyos ang lahat ng bumabagsak at itinataas Niya ang lahat ng sumasamba sa Kanya (Awit 145:140).

**KONKLUSYON:**

Hindi maiiwasan ang mga kabiguan. Hinahayaan ng Diyos na makaranas tayo ng kabiguan, ngunit lagi Siyang nakasubaybay at handa Niya tayong sagipin anuman ang mangyari. Naririnig Niya ang ating iyak ng kalungkutan, pait, kabiguan at takot. Laging bukas ang Kanyang mga tainga sa ating mga panalangin, at ang mapagmahal Niyang puso ay handa ring yumakap sa atin habang tayo ay umiiyak sa Kanyang balikat. Samakatuwid, dapat tayong magsisi sa ating mga kasalanan at magkaroon nang malalim na pagmamahal sa ating kapwa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin.

**PAGNINILAY:**

1. Ilarawan ang pinakamahirap mong hamon?
2. Paano ka nagtiwala sa Diyos sa panahong iyon?
3. Paano mo napagtagumpayan ang iyong mga pagdududa at takot sa panahong iyon?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Kabiguan # Panalangin